



Ang Koda ng Kaligtasan sa Tubig (Water Safety Code)

5 simpleng patakaran na tutulong sa iyo na manatiling ligtas



1. Alamin kung paano lumutang

Kung sakaling magkaroon ka ng problema, lumutang nang patihaya na ang mga tenga ay lubog sa tubig – palalakingin nito ang tsansa mong mabuhay. Mag-relaks at huminga nang normal. Kung hindi mo alam kung paano lumutang, magpaturo at mag-praktis bago ka lumusong sa tubig.



2. Hanapin ang pinakaligtas na lugar

Maglaan ng oras para suriin ang mga kondisyon at tingnan kung may mga panganib tulad ng malalakas na agos. Hanapin ang pinakaligtas na lugar kung saan puwedeng lumusong at umahon mula sa tubig. Ang mga lugar na may mga lifeguard na naka-duty ang pinakaligtas. Makinig sa mga lifeguard at pansinin ang mga babala at bandila.



3. Kapag may duda, huwag lumusong

Alamin ang lagay ng panahon bago umalis ng bahay. Kung hindi ka sigurado sa antas ng iyong kakayahan, sa lagay ng panahon, o sa kalagayan ng tubig, mas mabuti pang ipagpaliban ito sa ibang araw. Maaaring magbago nang mabilis ang panahon at kalagayan ng tubig.



4. Ingatan ang iyong sarili at ang iba

Laging magkaroon ng kasama at sabihin sa iba ang iyong plano. Kapag nagsusuot ng life jacket, tiyaking tama ang pagkakasuot nito. Kapag ang mga bata ay nasa o malapit sa tubig, dapat ay may responsableng taong may hustong gulang na nasa malapit at maingat na nagmamasid sa kanila.



5. Alamin kung paano hihingi ng tulong

Kung magkakaproblema ka habang nasa tubig, itaas ang iyong braso at sumigaw ng saklolo. Kung makaita ka ng taong nangangailangan ng tulong, tumawag sa 111 at hilingin ang Pulisya.